



# Pulang Mga Bandila sa Pang-Aabuso



*May kilala ka bang – isang senior o matanda na may kapansanan – o may pinapakita na anumang mga palatandaan nang pang-aabuso?*

## >> Kapabayaanan

- Kakulangan ng pangunahing kalinisan, sapat na pagkain, o malinis at naangkop na damit
- Kakulangan ng medikal na tulong (salaming, panlakad, postiso, hearing aid, mga gamot)
- Tao na may pagkasintu-sinto na iniwang walang nag-aasikaso
- Tao na nakaratay na iniwan nang walang pag-aalaga
- Bahay na magulo, marumi, may kasiraan, o pagkakaroon ng sunog at mga panganib sa kaligtasan
- Bahay na walang sapat na pasilidad (kalan, ref, pampainit, pampalamig, gumaganang pagtutubero, at elektrisidad)
- Hindi ginamot na mga presyur na sugat sa “kama” (mga presyur ulser)

## >> Pang-aabusong Pinansiyal/ Pagsasamantala

- Kakulangan ng mga pasilidad na makakaya ng biktima
- Ang mahinang matanda na “kusang-loob” na nagbibigay ng hindi natatanging sobrang bayad/mga regalo para sa kinakailangang pag-aalaga at pagsasama
- Ang tagapag-alaga ay may kontrol sa pera ng matanda pero hindi niya ibinibigay ang mga kailangan ng matanda
- Ang mahinang matanda ay pumirma ng pagsalin nga mga ari-arian (Kapangyarihan ng Abogado, bagong habilin, atp.) ngunit hindi naunawaan ang transaksyon o ang ibig sabihin nito

## >> Pangkaisipan/ Pang-aabusong Emosyonal

- Hindi maipaliwanag o hindi natatanging pagbabago sa pag-uugali, tulad ng paglalayo mula sa mga normal na gawain, hindi maipaliwanag na pagbabago sa pagkaalisto, iba pa
- Hinihiwalay ng tagapag-alaga ang matanda (hindi pinapapasok ang sinuman sa bahay o makipag-usap sa matanda)
- Ang tagapag-alaga ay nagsasalita ng agresibo o nang-aalipusta, nagkokontrol, labis na nababahala sa paggastos ng pera, o walang pakialam

## >> Pangkatawan/ Pang-aabusong Sekswal

- Hindi ma-ipaliwanag na mga bali, mga bugbog, mga latay, mga hiwa, mga sugat, o mga paso
- Hindi maipaliwanag na nakuhang mga sakit na sekswal



**Kung ikaw o may kilala ka na ang buhay ay nasa panganib na sitwasyon o pangunahing panganib, tumawag sa 911 sa local na pulis o sheriff.**

## Ano ang Pang-Aabuso sa Matanda?

Sa pangkalahatan, ang pang-aabuso sa matanda ay tumutukoy sa intensyonal o mga pabayang gawain ng isang tagapag-alaga o “pinagkatiwalaang” indibidwal na humahantong sa, pinsala ng isang mahinang matanda. *Sa maraming mga estado, ang mga nakababatang mga matanda na may mga kapansanan ay maaaring maging karapat-dapat para sa mga parehong mga serbisyo at proteksyon. Pang-aabusong pisikal; kapabayaang emosyonal o sikolohikal na pang-aabuso. Pang-aabusong pinansyal at pagsasamantala; Pang-aabusong sekswal; at pagpapabaya ay itinuturing na mga anyo ng pag-aabuso sa matanda. Sa maraming mga estado, ang kapabayaang sa sarili ay itinuturing din na pang-aabuso.*

## Sino ang nasa Panganib?

Ang pang-aabuso sa matanda ay maaaring mangyari *kahit saan* – sa tahanan, sa mga nursing homes, o sa iba pang mga institusyon. Ito ay nakakaapekto sa mga matatanda sa lahat ng mga grupong socio-ekonomiya, mga kultura, at mga lahi.

Batay sa magagamit na impormasyon, ang mga babae at “mas matandang” mga matanda ay mas malamang na maging biktima. Ang pagkasintu-sinto ay isang sanhi ng makabuluhang panganib. Ang pangkalusugang mental at sangkap ng mga isyu sa pang-aabuso – ng parehong mga nang-aabuso at biktima – ay mga sanhi ng panganib. Ang paghihiwalay ay maaring magdulot din ng panganib.

## Ano ang Dapat kong Gawin kung ako ay may pinaghihinalaang Pang-Aabuso?

**Karamihan sa mga kaso ng mga pang-aabuso sa matatanda ay hindi natutuklasan.**

Huwag ipagpalagay na ang isang tao ay may iniulat kahina-hinalang sitwasyon. Ang ahensya sa pagtanggap ng ulat ay magtatanong kung ano ang iyong naobserbahan, sino ang kasangkot, at kanino sila makikipag-ugnayanupang mas makakaalam.

**Hindi mo kailangang patunayan na ang pang-aabuso ay nagaganap; ang mga dalubhasa na ang bahala na mag-imbetiga sa mga paghihinala.**

>>Para i-ulat ang kahinahinalang pang-aabuso sa inyong komunidad, tawagan ang inyong local na ahensya ng Adult Protective Services. Para sa mga numero ng estadong pag-uulat, bisitahin ang [www.apsnetwork.org](http://www.apsnetwork.org), bisitahin ang NCEA website sa [www.ncea.aoa.gov](http://www.ncea.aoa.gov) o tumawag sa *Eldercare Locator* sa 1-800-677-1116.

>>Para i-ulat ang kahinahinalang pang-aabuso sa isang nursing home o sa pasilidad ng pangmatagalang-panahon ng pangangalaga, kontakin ang inyong lokal na Long-Term Care Ombudsman. Para sa mga numero ng pag-uulat, bisitahin ang [www.ltombudsman.org](http://www.ltombudsman.org), bisitahin ang NCEA website sa [www.ncea.aoa.gov](http://www.ncea.aoa.gov) o tumawag sa *Eldercare Locator* sa 1-800-677-1116



Ang National Center on Elder Abuse (NCEA) ay inatasan ng U.S. Administration on Aging, sa pagtulong sa mga komunidad, mga ahensya at mga organisasyon na matiyak na ang mga matanda at mga may edad na may kapansanan ay maaaring mabuhay nang may dignidad, at walang pang-aabuso, pagpapabaya, at pagsasamantala. Kami ay nasa University of California, Irvine Center of Excellence on Elder Abuse & Neglect, Program in Geriatrics. NCEA ay isang lugar na mapupuntahan para sa edukasyon, pananaliksik, at mga kasanayan sa pagpapapigil ng pang-aabuso.

Inihanda para sa NCEA sa pamamagitan ng:



CENTER OF EXCELLENCE  
ON ELDER ABUSE AND NEGLECT  
UNIVERSITY OF CALIFORNIA, IRVINE

Bisitahin kami online para sa higit pang resources!

[www.ncea.aoa.gov](http://www.ncea.aoa.gov)

Matatagpuan din kami sa Facebook,  
YouTube and POPVOX.

Ang dokumentong ito ay kinumpleto para sa National Center on Elder Abuse at ito ay bahagyang suportado ng isang gawaran (No. 90AB0002/01) mula sa Administration on Aging, U.S. Department of Health and Human Services (DHHS). Ang tumatanggap ng grant na nagdadala mga proyekto sa ilalim ng pamahalaang tumatangkilik ay hinihikayat na ipahayag nang Malaya ang mga natuklasan at mga konklusyon. Samakatuwid, ang mga punto ng pananaw o mga opinyon ay hindi kinakailangang kumatawan ng opisyal na Pangasiwaan ng Aging o patakaran ng DHHS.”

Ang Center of Excellence ay nagpapasalamat sa mga mapagbigay na mga supporter nito: the Archstone Foundation, the National Institute of Justice, the National Institute on Aging, UniHealth Foundation, at mga indibidwal na donor.

[www.centeronelderabuse.org](http://www.centeronelderabuse.org)